Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Katotohanan o Opinyon

Kakayahan: Naitutukoy kung ang pangungusap ay nagsasaad ng katotohanan o opinyon

Isulat sa patlang ang titik **K** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng **katotohanan**. Isulat ang **O** kung ito ay isang **opinyon**.

1. _____ Ang Sahara ay isang malaking disyerto sa Aprika.
   _____ Hindi mabubuhay ang mga tao sa isang disyerto tulad ng Sahara.

2. _____ Mas mabilis ang biyahe sa eroplano kaysa sa barko.
   _____ Mas nakatatakot ang sumakay sa eroplano kaysa sa barko.

3. _____ Masaya ang magkaroon ng alagang hayop sa bahay.
   _____ Ang mga pusa at aso ay maaaring maging mga alagang hayop.

4. _____ Lahat ng imbensiyon ay nakabubuti sa buhay ng tao.
   _____ Napakaraming imbensiyon ang nagpadali ng buhay ng tao.

5. _____ Ang elepante ay ang pinakamalaking hayop na nakatira sa lupa.
   _____ Nakatatawa ang hitsura ng ilong ng elepante.

6. _____ Ang Bulkang Mayon ay may halos perpektong kono.
   _____ Higit na mas maganda ang Bulkang Mayon sa Bulkang Pinatubo.

7. _____ Ang asignaturang *Math* ay mahirap intindihin.
   _____ Isa ang *Math* sa mga asignatura sa elementarya.

8. _____ Karapatan ng bawat batang Pilipino ang makapag-aral.
   _____ Dapat sa pribadong paaralan mag-aral ang mga bata.

© 2015 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

9. _____ Ang Jollibee at McDonald's ay parehong may pritong manok.
   _____ Higit na mas masarap ang pritong manok sa Jollibee kaysa sa McDonald's.

10. _____ Hindi kasingganda ng babaeng maputi ang babaeng maitim.
    _____ May mga sabon na nagpapaputi ng kutis.

11. _____ Nakasuot ng puting *t-shirt* at maong si Harold.
    _____ Ang itim na sapatos ay hindi bagay sa suot ni Harold.

12. _____ Kailangan parusahan ang mga batang hindi sumusunod sa mga magulang.
    _____ Si Arnel ay hindi sumunod sa utos ng kanyang mga magulang.

13. _____ Si Fernando Amorsolo ang unang ginawaran bilang *National Artist in Painting*.
    _____ Mukhang hindi nasisiyahan ang mga bata sa mga larawan sa museo.

14. _____ Nais ni Rommel na matutong lumangoy sa dagat.
    _____ Madali siyang matututo kung tuturuan siya ng kanyang tatay.

15. _____ Naiinis ang mga drayber dahil sa matinding trapik sa EDSA.
    _____ Mabigat ang trapik sa EDSA sa mga oras ng uwian.

16. _____ Parating tumataya sa LOTTO si Mang Ruben ngunit hindi pa siya nananalo.
    _____ Si Mang Ruben ay hindi masuwerteng tao.

17. _____ Ang aklat na *Alamat ng Paruparo* ay binasa ng aming guro sa klase.
    _____ Naniniwala ako na totoo ang alamat na ito.

© 2015 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Katotohanan o Opinyon (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy kung ang pangungusap ay nagsasaad ng katotohanan o opinyon

Isulat sa patlang ang titik **K** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng **katotohanan**. Isulat ang **O** kung ito ay isang **opinyon**.

1. __K__ Ang Sahara ay isang malaking disyerto sa Aprika.
   __O__ Hindi mabubuhay ang mga tao sa isang disyerto tulad ng Sahara.

2. __K__ Mas mabilis ang biyahe sa eroplano kaysa sa barko.
   __O__ Mas nakatatakot ang sumakay sa eroplano kaysa sa barko.

3. __O__ Masaya ang magkaroon ng alagang hayop sa bahay.
   __K__ Ang mga pusa at aso ay maaaring maging mga alagang hayop.

4. __O__ Lahat ng imbensiyon ay nakabubuti sa buhay ng tao.
   __K__ Napakaraming imbensiyon ang nagpadali ng buhay ng tao.

5. __K__ Ang elepante ay ang pinakamalaking hayop na nakatira sa lupa.
   __O__ Nakatatawa ang hitsura ng ilong ng elepante.

6. __K__ Ang Bulkang Mayon ay may halos perpektong kono.
   __O__ Higit na mas maganda ang Bulkang Mayon sa Bulkang Pinatubo.

7. __O__ Ang asignaturang *Math* ay mahirap intindihin.
   __K__ Isa ang *Math* sa mga asignatura sa elementarya.

8. __K__ Karapatan ng bawat batang Pilipino ang makapag-aral.
   __O__ Dapat sa pribadong paaralan mag-aral ang mga bata.

© 2015 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

9. __K__ Ang Jollibee at McDonald's ay parehong may pritong manok.
   __O__ Higit na mas masarap ang pritong manok sa Jollibee kaysa sa McDonald's.

10. __O__ Hindi kasingganda ng babaeng maputi ang babaeng maitim.
    __K__ May mga sabon na nagpapaputi ng kutis.

11. __K__ Nakasuot ng puting *t-shirt* at maong si Harold.
    __O__ Ang itim na sapatos ay hindi bagay sa suot ni Harold.

12. __O__ Kailangan parusahan ang mga batang hindi sumusunod sa mga magulang.
    __K__ Si Arnel ay hindi sumunod sa utos ng kanyang mga magulang.

13. __K__ Si Fernando Amorsolo ang unang ginawaran bilang *National Artist in Painting*.
    __O__ Mukhang hindi nasisiyahan ang mga bata sa mga larawan sa museo.

14. __K__ Nais ni Rommel na matutong lumangoy sa dagat.
    __O__ Madali siyang matututo kung tuturuan siya ng kanyang tatay.

15. __O__ Naiinis ang mga drayber dahil sa matinding trapik sa EDSA.
    __K__ Mabigat ang trapik sa EDSA sa mga oras ng uwian.

16. __K__ Parating tumataya sa LOTTO si Mang Ruben ngunit hindi pa siya nananalo.
    __O__ Si Mang Ruben ay hindi masuwerteng tao.

17. __K__ Ang aklat na *Alamat ng Paruparo* ay binasa ng aming guro sa klase.
    __O__ Naniniwala ako na totoo ang alamat na ito.

© 2015 Pia Noche